

# Humandang Magwagi at Mangibabaw

A Lord's Flock General Assembly Topic

By: Sis. Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant

October 24, 2020

Kung napaliligiran tayo ng mga hamon sa buhay gaya ng pangkasalukuyang sitwasyon, pamilya, at kaibigan ay parang gusto na nating sumuko at huminto sa paglaban. Sa kabila ng mga ito, ipinapalala ng Diyos na tayo ay nagtagumpay na. "Ako lamang ang nakakalaam sa panukalang inihanda ko para sa ikabubuti ninyo, at para dulutan kayo ng pag-asa sa hinaharap" (Jer. 29:11).

Sa 2 Hari 13:14-17, ang lumuluhang hari ay pinayuhan ni Eliseo na kumuha ng pana at mga palaso at pinabukas niya ang bintana para makita ng hari ang kanyang tagumpay sa labanan. Ang bintana sa banal na kasulatan ay sumasagisag sa pagpapala ng Diyos, at tagumpay sa ating buhay.

Sinabi rin ni Eliseo sa hari na kumuha uli ng palaso at itudla sa lupa. Sumunod muli ang hari. "Makaitlo siyang tumudla sa lupa saka huminto. Dahil dito'y nagalit si Eliseo, 'Bakit tatlong beses ka lamang tumudla? Sana'y lima o anim na beses para lubusan mong malupig ang Siria'"(2 Hari 13:18). Sa mga pagsubok natin sa buhay, madalas sumusuko at tumitigil na tayo sa pakikipaglaban. Subalit, sinasabi ng Diyos sa atin na manalig lamang sa Kanya para tayo'y magtagumpay; ituon ang ating paningin sa Kanyang mga pangako.

**Apat na P na dapat tandaan habang naghahanda tayong humarap sa ating laban:**

## 1. Poste/Puwesto

- Sa Diyos, walang *shortcut*. Hinding-hindi natin matutupad ang ating layunin hangga't hindi tayo nangangako na mananatili sa ating puwesto, sa lugar kung saan tayo inilagay ng Diyos.

## 2. Punto

- Kadalasan, ang lugar kung saan naghahanda ang Diyos ay parang walang kabuluhan. Mahirap magpatuloy kung hindi natin nakikita ang punto o ang kabuluhan. Maski ganito ang

nararamdaman natin, may layunin ang Diyos sa buhay natin. Lahat ay may kabuluhan. Ibabaling ng Diyos ang parang walang kabuluhan sa ating paningin sa dakilang tagumpay.

## 3. Pag-aararo

- Noong dumating ang panahon kay Eliseo na ibabantog siya ng Diyos, natagpuan siyang nag-aararo sa kanyang bukirin. Minsan ang paghahanda ay parang hindi pangako, ngunit inihahanda tayo ng Diyos para magwagi at mangibabaw.

## 4. Pag-asang Mangibabaw

- Nagalit si Eliseo sa hari dahil gusto niyang turuan ang hari ng alituntunin ng paghahanda. Huwag nawa tayong magsawang magtiyaga sa paghahanda, maski ilang ulit na tayong nadarapa.

Hangga't nananatili tayo sa ating puwesto at nagtitiwala sa Diyos, lahat ng pinagdaanan natin, lahat ng ginawa natin, o lahat ng mapagdadaanan natin ay hindi masasayang. "Sa Diyos na nakagagawa nang higit sa kaysa lahat ng maari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang naghahari sa atin" (Efeso 3:20).

## Pagninilay:

Ano-ano ba ang iyong ipinaglalaban sa ngayon? Paano mo mapagtatagumpayan ang mga hamong ito?

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz

**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano

**For more teachings, visit our website:**

<https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials>